# *Mapuspos ng Banal na Espiritu Yugto 01*
# *Si Jesus ay Magbabalik*
# *Ang Talinhaga ng Sampung Dalagang Birhen*

***"1 Kung magkagayon ay makakatulad ang kaharian ng langit ng sangpung dalaga, na kinuha ang kanilang mga ilawan, at nagsilabas upang salubungin ang kasintahang lalake. 2 At ang lima sa kanila'y mga mangmang, at ang lima'y matatalino.3 Sapagka't nang dalhin ng mga mangmang ang kanilang mga ilawan, ay hindi sila nangagdala ng langis: 4 Datapuwa't ang matatalino ay nangagdala ng langis sa kanilang sisidlan na kasama ng kanilang mga ilawan. 5 Samantalang nagtatagal nga ang kasintahang lalake, ay nangagantok silang lahat at nangakatulog. 6 Datapuwa't pagkahating gabi ay may sumigaw, Narito, ang kasintahang lalake! Magsilabas kayo upang salubungin siya. 7 Nang magkagayo'y nagsipagbangong lahat ang mga dalagang yaon, at pinagigi ang kanilang mga ilawan. 8 At sinabi ng mga mangmang sa matatalino, Bigyan ninyo kami ng inyong langis; sapagka't nangamamatay ang aming mga ilawan. 9 Datapuwa't nagsisagot ang matatalino, na nangagsasabi, Baka sakaling hindi magkasiya sa amin at sa inyo: magsiparoon muna kayo sa nangagbibili, at magsibili kayo ng ganang inyo. 10 At samantalang sila'y nagsisiparoon sa pagbili, ay dumating ang lalaking ikakasal; at ang mga nahahanda ay nagsipasok na kasama niya sa piging ng kasalan: at inilapat ang pintuan. 11 Pagkatapos ay nagsirating naman ang mga ibang dalaga, na nagsisipagsabi, Panginoon, Panginoon, buksan mo kami. 12 Datapuwa't sumagot siya at sinabi, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi ko kayo nangakikilala. 13 Mangagpuyat nga kayo, sapagka't hindi ninyo nalalaman ang araw ni ang oras." (Mateo 25:1-13 KJV)***

Patungo sa dulo ng Aklat ni Mateo, kung kailan ang Panginoon sa maikling panahon ay haharap sa pagtataksil, pagpapako sa krus at kamatayan para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan, dito natin nasumpungan na nagsimulang magsalita ang Panginoon tungkol sa Kanyang ikalawang pagparito. Si Jesus ay nagsalita sa mga talinghaga tungkol sa Kanyang pangalawang pagparito dahil nais Niya ang Kanyang simbahan at ang Kanyang bayan na tayo, ay maging handa na mapasa Kanya kapag Siya ay pumarito. Sa talinghaga ng sampung dalagang birhen na ating binasa, ang mga dalaga na handa sila'y pumunta sa lalaking ikakasal sa piging ng kasal.

Ang piging ng kasal ay isang masayang pagtitipon ng mga tao, kung saan ipinagdiriwang nila ang kasal ng may mga awitin, bagong magagandang damit, masasarap na pagkain at matatamis na inumin. Ganon din ang mangyayari kapag si Jesus ay dumating; ***"13 Nguni't hindi namin ibig na kayo'y di makaalam, mga kapatid, tungkol sa nangatutulog; upang kayo'y huwag mangalumbay, na gaya ng mga iba, na walang pagasa. 14 Sapagka't kung tayo'y nagsisisampalatayang si Jesus ay namatay at nabuhay na maguli, ay gayon din naman ang nangatutulog kay Jesus ay dadalhin ng Dios na kasama niya. 15 Sapagka't ito'y sinasabi namin sa inyo sa salita ng Panginoon, na tayong nangabubuhay, na nangatitira hanggang sa pagparito ng Panginoon, ay hindi tayo mangauuna sa anomang paraan sa nangatutulog. 16 Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli; 17 Kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man, 18 Kaya't mangagaliwan kayo sa isa't isa ng mga salitang ito." (1 Tesalonica 4:13-18 KJV)*** Tiyak na sasalubungin natin ang Panginoon sa alapaap at tayo'y mapapa sa Kanya magpakailanmanan kapag sinunod natin Siya at sinunod ang Kanyang mga utos, kaya kailangan nating maging handa. Gayundin sa maluwalhating araw na iyon tatanggapin natin ang gantimpala mula sa Kanya. ***"6 At narinig ko ang gaya ng isang tinig ng isang makapal na karamihan, at gaya ng lagaslas ng maraming tubig, at gaya ng ugong ng malalakas na kulog na nagsasabi, Aleluya: sapagka't naghahari ang Panginoong ating Dios na Makapangyarihan sa lahat. 7 Tayo'y mangagalak at tayo'y mangagsayang mainam, at siya'y ating luwalhatiin; sapagka't dumating ang pagkakasal ng Cordero, at ang kaniyang asawa ay nahahanda na. 8 At sa kaniya'y ipinagkaloob na damtan ang kaniyang sarili ng mahalagang lino, makintab at tunay; sapagka't ang mahalagang lino ay siyang mga matuwid na gawa ng mga banal. 9 At sinasabi niya sa akin, Isulat mo, Mapapalad ang mga inanyayahan sa paghapon sa kasalan ng Cordero. At sinasabi niya sa akin, Ang mga ito'y siyang tunay na mga salita ng Dios." (Pahayag 19:6-9 KJV)***

Ang langis sa talinghaga ng sampung dalagang birhen ay sumasagisag sa Banal na Espiritu. Ang ilawang may langis ay may kapangyarihan na magbigay ng liwanag. Ang matatalinong dalaga na may langis sa kanilang ilawan, mayroong Banal na Espiritu kaya sila ay may liwanag. Ang katulad sa mga mananampalataya na puspos ng Banal na Espiritu; sila'y may liwanag ni Jesus na nasa kanila. ***"16 Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit." (Mateo 5:16 KJV)*** Sila'y matatalino at ipinapakita nila ang kaliwanagang iyon sa paggawa ng mga gawain ng Dios na inihanda na Niya na gawin natin, ***"10 Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran." (Epeso 2:10 KJV)*** Kaya't kailangan nating mapuspos ng Banal na Espiritu upang magkaroon tayo ng

liwanag na magnining sa harap ng mga tao na makita nila ang mabubuting gawa na inihanda ng Dios sa atin upang siya nating lakaran at luwalhatiin ang ating Ama na nasa Langit.

Ang gawain ng Banal na Espiritu sa buhay ng mananampalataya ay makikita sa pamamagitan ng pagsasalita sa mga bagong wika, buhay na mapanalangin, mga himala, mga tanda at kababalaghan, na may dakila at malalim na pag eevangelio sa pag abot ng mga bagong kaluluwa para sa Dios. Nais ng Panginoon na maging handa tayo sa gayong pamantayan na may parehong isip at puso ni Jesus sa paraan na tayo'y nagiisip, nagpaplano at pagkilos sa ating buhay.

Matalino talaga tayo kapag pinananatili natin ang ningas ng Banal na Espiritu at sinusunod ang sinasabi ng Salita ng Dios, ***"19 Huwag ninyong patayin ang ningas ng Espiritu;" (1 Tesalonica 5:19 KJV) "11 Huwag mga tamad sa pagsusumikap; maningas sa espiritu; mapaglingkod sa Panginoon;" (Roma 12:11 KJV)***

Kapag ang Panginoong Jesus ay dumating kukunin Niya ang gising sa pag iisip at handa para sa Kanya, Kukunin Niya ang mga puspos Ng Banal na Espiritu sapagkat sila ang mga taong lumalakad ayon sa katotohanan. Kaya't kailangan nating mapuspos ng Banal na Espiritu, maningas sa Banal na Espiritu at nagsusumikap sa Kanyang gawain at sa Kanyang kalooban at iyon ay kung paano natin ihahanda ang ating sarili para sa Kanyang pagparito.

Sa talinghaga ng sampung dalagang birhen ang mga mangmang ay hindi pa sila handa nang dumating ang lalaking ikakasal, kaya nga naiwan sila. Sa parehong paraan ang pagparito ng Panginoong Jesus ay biglaan tulad ng isang magnanakaw sa gabi,

***"36 Nguni't tungkol sa araw at oras na yaon walang makakaalam, kahit ang mga anghel sa langit, kahit ang Anak, kundi ang Ama lamang." (Mateo 24:36 KJV) "42 Mangagpuyat nga kayo: sapagka't hindi ninyo nalalaman kung anong araw paririto ang inyong Panginoon. 43 Datapuwa't ito'y talastasin ninyo, na kung nalalaman ng puno ng sangbahayan kung anong panahon darating ang magnanakaw, ay siya'y magpupuyat, at hindi niya pababayaang tibagin ang kaniyang bahay. 44 Kaya nga kayo'y magsihanda naman; sapagka't paririto ang Anak ng tao sa oras na hindi ninyo iniisip." (Mateo 24:42-44 KJV)*** Kaya kailangan nating magsipaghanda at mangapuspos ng Banal na Espiritu, ginagawa ang Kanyang mga gawa at ipinamumuhay ang Kanyang kalooban kaya dadalhin Niya tayo kapag pumarito Siya.

Ang matatalinong mga dalagang birhen sa talinghaga ay hindi makasarili sa hindi pagbabahagi ng kanilang langis sa mangmang ngunit sa halip ay itinuro nila sa mga mangmang na mga dalagang birhen na kailangan nilang pumaroon at bumili para sa kanilang sarili mula sa mga nangagbibili: ***"9 Datapuwa't nagsisagot ang matatalino, na nangagsasabi, Baka sakaling hindi magkasiya sa amin at sa inyo: magsiparoon muna kayo sa nangagbibili, at magsibili kayo ng ganang inyo." (Mateo 25:9 KJV)*** Ang Banal na Espiritu ay mula sa Dios at kung gayo'y itinuwid sila na kailangan nilang bumalik at harapin ang Dios sa gayong pangangailangan. Kaya ang espirituwal na paghahanda ay hindi isang bagay na maaring ipamahagi sa palibot sa panahon ng kagipitan. Kailangan mong mapuspos ng Banal na Espiritu dahil sa Kanyang pagparito hindi ka maaring umasa sa iba at sa kanilang karanasan sa pagiging puspos ng Banal na Espiritu, ngunit ang iyong sarili ay kailangang gawing possible iyon sa Dios. Walang sinuman ang maaring gumawa ng iyong mga gawa at sumunod sa Dios para sa iyo, kundi ang iyong sarili kailangan mong gawin iyon. Walang sinuman ang maaring magbasa ng Bibliya at mananalangin sa halip mo, kundi ang iyong sarili kailangan mong gawin iyon. Walang sinuman ang maaring pumunta ng simbahan, magbayad ng ikapu, mga unang bunga at mga handog sambahin ang Dios at maglingkod sa Kanya sa halip mo, kundi ang iyong sarili kailangan mong gawin iyon.

Sinabi ng matatalinong dalagang birhen ang sumusunod: ***"Baka sakaling hindi magkasiya sa amin at sa inyo:"*** Hindi nila hinayaan ang mga mangmang na mga dalagang birhen na abusuhin sila dahil ang langis ay sapat para sa kanila. Kaya, huwag dapat nating hayaan ang mga tao na abusuhin tayo at gamitin tayo at gamitin ang ating mapagkukunan kung hindi ay hindi natin magagawang gawin ang tunay na gawain na nais ng Dios sa atin. Ang mga taong tulad ng mga mangmang na mga dalagang birheng iyon ay hindi natin maaaring patuloy na ipagpatuloy at suportahan sila sa daan, dahil dapat silang magsisi at baguhin ang kanilang mga lakad.

Ang langis ng Banal na Espiritu ang bawat mananampalataya ay posibleng magkaroon nito kapag siya ay may personal na kaugnayan sa Panginoon na siyang Espiritu. Hindi ang Panginoon ang hindi handang magbigay ng bautismo ng Banal na Espiritu kundi ang mga tao ay ayaw mamuhay bilang matalino at lubos na pagsunod sa Panginoon. Ang mga mangmang ay sinarhan dahil ang lalaking ikakasal na narito ay kumakatawan sa Panginooong Jesus na hindi sila kilala. ***"12 Datapuwa't sumagot siya at sinabi, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi ko kayo nangakikilala." (Mateo 25:12 KJV)*** Sinabi ng Kanyang Salita: ***"21 Hindi ang bawa't nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit. 22 Marami ang mangagsasabi sa akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa iyong pangalan, at sa pangalan mo'y nangagpalayas kami ng***

***mga demonio, at sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan? 23 At kung magkagayo'y ipahahayag ko sa kanila, Kailan ma'y hindi ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalasanan." (Mateo 7:21-23 KJV)***

Sa panahon ni Jesus ang pagpapakasal sa Israel ay sa ganitong paraan: Ang lalaking ikakasal ay iiwanan ang kanyang bahay kasama ng mga lalaki at ng mga kamag anak sa dakong paglubog ng araw at sila ay pupunta sa bahay ng babaeng papakasalan upang dalhin siya sa bahay ng lalaking ikakasal, na matutulog kasama niya. Samakatuwid kailangan niyang patunayan ang kanyang pagkabirhen kung hindi niya mapatunayan kung gayon alinsunod sa kautusan ng Dios siya ay babatuhin hanggang mamatay gaya ng sinasabi ng Banal na Kasulatan sa atin: ***"13 Kung ang sinoman ay magasawa, at sumiping sa kaniya, at kaniyang kapootan siya. 14 At kaniyang bintangan ng mga kahiyahiyang bagay, at ikalat ang isang masamang dangal niya, at sabihin, Aking kinuha ang babaing ito, at nang sipingan ko siya, ay hindi ko nasumpungan sa kaniya ang mga tanda ng pagka donselya: 15 Kung magkagayo'y ang ama ng dalaga at ang kaniyang ina ay kukuha at maglalabas ng mga tanda ng pagka donselya ng dalaga sa harap ng mga matanda sa bayan, sa pintuang-bayan; 16 At sasabihin ng ama ng dalaga sa mga matanda, Ibinigay ko ang aking anak sa lalaking ito na maging asawa at kaniyang kinapootan siya; 17 At, narito, kaniyang binibintangan ng mga kahiyahiyang bagay, na sinasabi, Hindi ko nasumpungan sa iyong anak ang mga tanda ng pagka donselya: at gayon ma'y ito ang mga tanda ng pagka donselya ng aking anak. At kanilang ilaladlad ang kasuutan sa harap ng matatanda sa bayan. 18 At kukunin ng mga matanda sa bayang yaon ang lalake at parurusahan siya; 19 At kanilang sisingilin siya ng isang daang siklong pilak at ibibigay sa ama ng dalaga sapagka't kaniyang ikinalat ang isang masamang dangal ng isang donselya sa Israel: at siya'y magiging kaniyang asawa; hindi niya mapalalayas siya sa lahat ng kaniyang kaarawan. 20 Nguni't kung ang bagay na ito ay totoo na ang mga tanda ng pagka donselya ay hindi masumpungan sa dalaga; 21 Ay kanila ngang ilalabas ang dalaga sa pintuan ng bahay ng kaniyang ama, at babatuhin siya ng mga bato, ng mga lalake sa kaniyang bayan upang siya'y mamatay: sapagka't nagkasala siya ng kaululan sa Israel, na nagpatutot sa bahay ng kaniyang ama: gayon mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo." (Deutronomio 22:13-21 KJV)*** Ang pagsasagawa niyon sa buhay ng simbahan ay gaya ng sumusunod: Kung ang simbahan ay hindi birhen at nasa kalaswaan sa sanglibutan, at ang kamunduhan ay umuukupa sa mga miyembro ng simbahan kung gayon ang simbahan ay nasa espirituwal na pangangalunya, at kaya kapag ang Panginoon ay dumating at ang simbahan sa gayong kamangmangan na katayuan, walang liwanag, at walang mabubuting gawa na inihanda ng Dios para sa simbahan na gawin, kung gayon ay iiwan ng Panginoon ang mga hangal na taong iyon, dahil ang mga kaibigan ng mundo ay mga kaaway ng Dios, ***"4 Kayong mga mangangalunya, hindi baga ninyo nalalaman na ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan ay pakikipagaway sa Dios? Sinoman ngang magibig na maging kaibigan ng sanglibutan ay nagiging kaaway ng Dios. 5 O iniisip baga ninyo na ang kasulatan ay nagsasalita ng walang kabuluhan? Ang Espiritu baga na pinatira sa atin ay nagnanais hanggang sa kapanaghilian?" (Santiago 4:4-5 KJV)***

Dahil ang lalaking ikakasal ay nagsimulang pumunta sa bahay ng babaeng papakasalan sa dakong paglubog ng araw, pagkatapos kapag sila ay nakarating madilim na. Kaya ang mapagkukunan ng liwanag ay kinakailangan upang makita nila ang kanilang daan. Samakatuwid mula sa paliwanag na ito ay nagmumula ang pangangailangan para sa mga ilawan at para sa langis upang gumana ang mga ilawan at magbibigay liwanag sa gabi. Samakatuwid, ang dalagang birhen na naghihintay para sa pagdating ng lalaking ikakasal at kunin siya ay kinakailangang ihanda ang kanyang sarili ng may ilawan at langis upang gamitin ito bilang isang pagmumulan ng liwanag upang makita ang daan para makatagpo ang lalaki at sumama sa kanya sa kanilang bahay.

Samakatuwid sa ganitong paraang ay nagsalita ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si JesuCristo at iniugnay sa Kanyang pangalawang pagparito na puspos ng Banal na Espiritu gamit ang talinhaga ng sampung dalagang birhen. Kapag Siya ay dumating, kukunin ni Jesus ang mga mayroon at puspos ng Banal na Espiritu. Ang mga ito ay kahalintulad ng matatalinong dalagang birhen sa talinghaga na handa na may langis sa kanilang mga ilawan. ***"10 At samantalang sila'y nagsisiparoon sa pagbili, ay dumating ang lalaking ikakasal; at ang mga nahahanda ay nagsipasok na kasama niya sa piging ng kasalan: at inilapat ang pintuan." (Mateo 25:10 KJV)*** Kailangan mong maging handa sa Kanyang pagparito. Hindi mo maaring sabihin sa Kanya, halimbawa, pakiusap hintayin mo ako ng limang minuto na yumaon at ibalik ang pera na aking ninakaw, o bigyan mo ako ng isang oras na yumaon at makipagkasundo sa iba na ako'y nakipag away, atbp. Kailangan mong maging handa upang makasama namin sa Langit sa Kanyang pagbabalik.

Ang paksa ng talinhaga ng sampung dalagang birhen ay ganito: May isang bagay na kinakailangang maihanda at maging handa, at iyon ang langis, ang Banal na Espiritu. Ang sampung dalagang birhen lahat sila ay mayroong ilawan ngunit ang lima sa kanila ay matatalino dahil sila'y naghanda ng langis habang ang iba na mangmang ay hindi naghanda para kanilang sarili. Ang katulad sa atin ngayon, ang ating kahandaan para sa pangalawang pagparito ni Cristo ay mangapuspos ng Banal na Espiritu.

Alam ba ng limang mangmang na dalagang birhen na kailangan nilang maghanda ng langis? Oo alam nila iyon dahil sinasabi sa atin ng talinghaga ang sumusunod nang ang lalaking ikakasal ay dumating, ***"8 At sinabi ng***

***mga mangmang sa matatalino, Bigyan ninyo kami ng inyong langis; sapagka't nangamamatay ang aming mga ilawan." (Mateo 25:8 KJV)*** Gaya ng paglapit ng mga mangmang upang humingi ng langis mula sa matatalino kung gayon ay batid nila na kailangan nilang maghanda ng langis nang maaga. Wala kang anumang dahilan, tulad ng alam mo ang iyong mga pananagutan kung gayon ay kailangan mong gawin ang mga ito.

Kung gayon bakit ang limang mga mangmang na dalagang birhen ay hindi naghanda ng langis o bakit nasumpungan natin ang maraming mga Cristiano ay hindi napuspos ng Banal na Espiritu?

***1. Katamaran at pagkakampante:*** Ang mga matatalino sila'y nagtago ng ilang salapi upang bumili ng langis, at iningatan nila sa panahon at umabot sila sa punto na kailangan nilang pumunta sa palengke para bumili ng langis. Ngunit ang mga mangmang ay tamad at nagpapaliban sa paggawa ng matuwid at tama. Tulad ng alam ninyo ang inyong mga pananagutam kailangan ninyong sumulong at gawin ang mga ito; huwag kang maging tamad at huwag mong ipagpaliban.

***2. Masamang pangangasiwa:*** Maraming mananampalataya ang nanampalataya kay Cristo ginagawa nila ang maraming bagay na hindi mahahalaga at ginagastos nila ang kanilang salapi at ang kanilang panahon sa paggawa ng ibang mga bagay na makamundo upang pasiyahin ang mga tao, kaugalian at tradisyon. Hindi nila pinapanatili ang kanilang mga prioridad sa tamang paraan. Sa isang salita ang natatanggap nila mula sa Panginon inilalaan nila sa kanilang kasiyahan. Ang mga mangmang ay nagtago sila ng pera at oras at pagsisikap upang gawin ang iba pang mga bagay na hindi kinakailangan habang ang mga mahahalagang bagay ay pinabayaan nila. Pangasiwaan ang iyong buhay at huwag pabayaan na gawin ang pinaka mahalagang mga bagay ng Dios na kailangan mong gawin at huwag ilaan ang iyong oras, lakas at salapi sa makamundong mga bagay.

***3. Inabuso nila ang biyaya ng Dios at sinamantala nila ang Panginoon: "5 Samantalang nagtatagal nga ang lalaking ikakasal, ay nangagantok silang lahat at nangakatulog." (Mateo 25:5 KJV)*** Maraming mga Cristiano na batid nila ang dapat nilang gawin at sila'y nagkasala sa pagkabigong sumunod sa Panginoon, ***"17 Sa nakakaalam nga ng paggawa ng mabuti, at hindi ginagawa, ito'y kasalanan sa kaniya." (Santiago 4:17 KJV)*** Pinapanatili nila ang kanilang sarili na mamuhay sa kasalanan at pagsuway, iniisip na ang pagdating ng Panginoon ay magluluwat pa, ***"1 Datapuwa't tungkol sa mga kapanahunan at mga bahagi ng panahon, mga kapatid, hindi ninyo kailangan na isulat ko pa sa inyo ang anoman. 2 Sapagka't kayo rin ang mga lubos na nangakakaalam, na ang pagdating ng kaarawan ng Panginoon ay gaya ng magnanakaw sa gabi. 3 Pagka sinasabi ng mga tao, Kapayapaan at katiwasayan, kung magkagayo'y darating sa kanila ang biglang pagkawasak, na gaya ng pagdaramdam, sa panganganak ng babaing nagdadalang-tao; at sila'y hindi mangakatatanan sa anomang paraan." (1 Tesalonica 5:1-3 KJV)*** * Marami inaabuso nila ang biyaya ng Dios sa pagpapanatili ng kanilang sarili sa mapanganib na lugar ng walang pagsisisi iniisip na hindi sila hahatulan ng Panginoon para sa kanilang mga kasalanan kaya naman sinasabi nila ***"Kapayapaan at katiwasayan"*** , dahil hindi sila naniniwala sa paghuhukom ng Dios, at kaya sila'y mabibigla sa paghatol ng Dios sa Kanyang pagdating. Kaya't kailangan nating bigyang-diin ang tungkol sa pagdating ng paghatol ng Dios para sa mga nagkakasala, upang ang mga tao ay may kamalayan sa kanilang mga kasalanan at magsisi at maghanda para sa Kanyang pagparito sa pamumuhay malayo sa kasalanan. * Ang ilan din ay nanampalataya na ang Kanyang pagparito ay wala pa, kaya sila'y nagpapatuloy na mamuhay sa kasalanan, kaya naman kailangan nating ipangaral na ang Kanyang pagdating ay katulad ng magnanakaw sa gabi at maaring Siyang dumating anumang oras. * Maaari ring malinlang ang ilan sa pag iisip na hindi mangyayari ang ikalawang pagparito ni Cristo. Nagsalita si Pedro tungkol sa gayong uri ng mga tao na minamaliit at hindi naniniwala tungkol sa ikalawang pagparito ni Cristo, ***"3 Na maalaman muna ito, na sa mga huling araw ay magsisiparito ang mga manunuya na may pagtuya, na magsisilakad ayon sa kanikanilang masasamang pita, 4 At magsisipagsabi, Saan naroon ang pangako ng kaniyang pagparito? sapagka't, buhat nang araw na mangatulog ang mga magulang, ay nangananatili ang lahat ng mga bagay na gaya ng kalagayan nila mula nang pasimulan ang paglalang." (2 Pedro 3:3-4 KJV)*** kaya naman kailangang bigyang diin natin sa ating pangangaral na tiyak ang pagdating ni Cristo. ***"10 Datapuwa't darating ang araw ng Panginoon na gaya ng magnanakaw; na ang sangkalangitan sa araw na iyan ay mapaparam na kasabay ng malaking ugong, at ang mga bagay sa langit ay mapupugnaw sa matinding init, at ang lupa at ang mga gawang nasa lupa ay pawang masusunog. 11 Yamang ang lahat ng mga bagay na ito ay mapupugnaw ng ganito, ano ngang anyo ng mga pagkatao ang nararapat sa inyo sa banal na pamumuhay at pagkamaawain, 12 Na ating hinihintay at pinakananasa ang pagdating ng kaarawan ng Dios, na dahil dito'y ang sangkalangitan na nagniningas ay mapupugnaw, at ang mga bagay sa langit ay matutunaw sa matinding init?? 13 Nguni't, ayon sa kaniyang pangako, ay naghihintay tayo ng bagong langit at ng bagong lupa, na tinatahanan ng katuwiran." (2 Pedro 3:10-13 KJV)***

Kaya tulad ng paghihintay natin sa Kanyang pangalawang pagparito mamuhay tayo sa pagsunod, gaya ng matatalino at mapuspos ng Banal na Espiritu sa paggawa ng Kanyang mga gawain at mamuhay sa Kanyang kalooban. At ating basahin ang sumusunod ng mga Kasulatan upang matutunan pa ang tungkol sa kung paanong maging handa para sa Kanyang pangalawang pagparito at mapuspos ng Banal na Espiritu.

***A. "18 At huwag kayong magsipaglasing ng alak na kinaroroonan ng kaguluhan, kundi kayo'y mangapuspos ng Espiritu; 19 Na kayo'y mangagusapan ng mga salmo at mga himno at mga awit na ukol sa espiritu, na nangagaawitan at nangagpupuri sa inyong mga puso sa Panginoon; 20 Na kayo'y laging magpasalamat sa lahat ng mga bagay sa pangalan ng ating Panginoong Jesucristo sa Dios na ating Ama;" (Epeso 5:18-20 KJV)*** * Huwag ka dapat uminom ng alak dahil iyon ang makakahadlang sa Banal na Espiritu sa pagpuspos sa iyo. O mapuspos sa galit, o sa pagsisinungaling, paghihiganti, pagnanasa, hindi pagpapatawad, kapaitan, pananaghili at ang lahat ng gawa ng laman na hahadlang sa pagpuspos sa iyo ng Banal na Espiritu. * Ang Banal na Espiritu ay pupuspusin ka kapag pinanatili mo ang iyong sarili sa tamang kapaligiran at sa tamang pakikipag uganayan sa mga taong matuwid kung saan ang Salita ng Dios ay ipinangaral at ipinaliwanag at ang mga awitin, himno at espirituwal na mga awiting isinasaysay sa Panginoon ng may kapagalakan at pasasalamat na puso.

***B. "13 Kung kayo nga, bagaman masasama, ay marurunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama sa kalangitan na magbibigay ng Espiritu Santo sa nagsisihingi sa kaniya?" (Lucas 11:13 KJV)*** Lumuhod at magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan at patuloy na hinggin sa Dios na puspusin ka ng Banal na Espiritu upang makapaglingkod ka sa Kanya sa isang sakdal na paraan habang ikaw ay naghihintay sa Kanyang pangalawang pagparito. Ang ating panalangin ay dapat patuloy at kasang ayon sa patnubay ng Banal na Espiritu na dapat nating ipanalangin ayon sa Kanyang kalooban at sa Kanyang isipan, ***"26 At gayon din naman ang Espiritu ay tumutulong sa ating kahinaan: sapagka't hindi tayo marunong manalangin ng nararapat; nguni't ang Espiritu rin ang namamagitan dahil sa atin ng mga hibik na hindi maisasaysay sa pananalita; 27 At ang nakasisiyasat ng mga puso'y nakakaalam kung ano ang kaisipan ng Espiritu, sapagka't siya ang namamagitan dahil sa mga banal alinsunod sa kalooban ng Dios." (Roma 8:26-27 KJV)***

***C. "32 At kami'y mga saksi ng mga bagay na ito; at gayon din ang Espiritu Santo, na siyang ibinigay ng Dios sa nagsisitalima sa kaniya." (Mga Gawa 5:32 KJV)*** *Ang masunuring buhay ay kinakailangan para mapuspos ng Banal na Espiritu. Ibibigay ng Dios sa mga sumusunod sa Kanya at handang lumakad sa Kanyang mga landas. Ang mga tumatalima sa Dios ay papatnubayan ng Banal na Espiritu ng Dios ***"14 Sapagka't ang lahat ng mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios, ay sila ang mga anak ng Dios." (Roma 8:14 KJV)*** At puspusin sila ng Panginoon at sila'y magiging handa kasama natin kapag Siya ay dumating upang kunin tayo. * Samakatuwid magpatuloy na mamuhay sa pagsunod sa Dios at sa Kanyang Salita, sa Kanyang tinig at sa Kanyang kalooban, sa gayo'y mapuspos ka ng Banal na Espiritu, gagabayan ka ng Banal na Espiritu at magiging handa ka kapag dumating si Jesus upang dalhin tayo sa Langit.

Ang pangalawang pagparito ni Jesus ay isang supresa sa mga hindi handa ngunit hindi sa atin at sa mga namumuhay bilang matatalino at nangapuspos ng Kanyang Banal na Espiritu: ***"4 Nguni't kayo, mga kapatid, ay wala sa kadiliman, upang sa araw na yaon ay masubukan kayong gaya ng magnanakaw: 5 Sapagka't kayong lahat ay pawang mga anak ng kaliwanagan, at mga anak ng araw: tayo'y hindi ng gabi, ni ng kadiliman man; 6 Huwag nga tayong mangatulog, gaya ng mga iba, kundi tayo'y mangagpuyat at mangagpigil. 7 Sapagka't ang nangatutulog ay nangatutulog sa gabi; at ang nangaglalasing ay nangaglalasing sa gabi. 8 Datapuwa't palibhasa'y mga anak tayo ng araw, mangagpigil tayo, na isuot ang baluti ng pananampalataya at ng pagibig; at ang maging turbante ay ang pagasa ng kaligtasan. 9 Sapagka't tayo'y hindi itinalaga ng Dios sa galit, kundi sa pagtatamo ng pagkaligtas sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo. 10 Na namatay dahil sa atin, upang tayo, sa gising o tulog man, ay mangabuhay tayong kasama niya. 11 Dahil dito kayo'y mangagpangaralan, at mangagpatibayan sa isa't isa sa inyo, gaya ng inyong ginagawa." (1 Tesalonica 5:4-11 KJV)***

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Malapit nang dumating si Cristo, at maaaring sa araw na ito! Ang tanong ay ito: Handa ka na bang salubungin Siya Puspos ka ba ng Banal na Espiritu? Ginagawa mo ba ang Kanyang mga gawa na Kanyang itinakda para sa iyo na lakaran? Namumuhay ka ba ayon sa Kanyang kalooban?

Kunin ang babalang mensaheng natanggap mo; gumising, bumangon mula sa iyong pagtulog at pagkalungkot, magsisi sa iyong mga kasalanan, baguhin ang iyong mga landas, alamin ang iyong mga prayoridad, matakot sa Dios at huwag abusuhin ang Kanyang biyaya, nalalaman na ang Kanyang pagparito ay tiyak at maaaring maging ngayon.

Tayo ay manalangin….

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios, Ako ay lumalapit sa harap mo sa pangalan ni Jesus namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon, salamat para sa babalang mensaheng ito na ipinadala mo sa akin upang ihanda ako para sa iyong pangalawang pagparito. Panginoon maraming salamat para sa lahat ng mga pagtutuwid at ng mga pagsaway na tinanggap ko sa mensaheng ito.*

*Lumapit ngayon sa Dios at ipagtapat ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat at talikdan ang iyong kamunduhan, ang iyong kasakiman, at ang iyong pagibig sa salapi at materyal na mga bagay. Ipagtapat ang iyong katamaran at pagpapaliban sa paggawa ng iyong mga gawain at pananagutan.*

*Ipagtapat at talikdan ang iyong pang aabuso sa biyaya ng Dios at ng iyong pang aabuso sa iba. Ipagtapat at talikdan ang iyong galit, poot, paghihiganti, hindi pagpapatawad, sama ng loob at kapaitan.*

*Ipagtpat ang iyong pagsisinungaling, pandaraya, pakikipag away, pakikipagtalo, at kasamaan.*

*Ipagtapat at talikdan ang iyong pakikisama sa mga hindi mananampalataya, at sa pagkaalipin sa Media, Mga balita at laro. Ipagtapat at talikdan ang iyong masamang pangangasiwa, ang iyong masamang halimbawa, at iyong walang kagustuhang maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan ____________________.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking buhay sa iyong mga kamay, Hinihiling ko Panginoon puspusin mo ako ng Banal an Espiritu, Panginoon ipinangako ko ang aking buhay na mamuhay sa pagsunod sa iyong Salita at sa iyong mga utos at sa tinig ng Banal na Espiritu. Panginoon gabayan ako ng iyong Banal na Espiritu na gawin ang mainam na bagay na nais mong gawin ko, ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at tumugon sa aral ng iyong Salita sa mensaheng ito. Panginoon patuloy na linisin sila mula sa kanilang mga kasalanan at puspusin sila ng Banal na Espiritu at ihanda sila para sa iyong pangalawang pagparito. Panginoon panumbalikin sila sa iyo at gamitin sila na maglingkod sa iyo at gawin ang mga gawain na itinakda mo para sa kanila na lakaran at ang mabubuting plano na mayroon ka sa kanila. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon pagpalain kami bilang simbahan. Panginoon ipinangako namin aming sarili na mamuhay sa pagsunod sa iyong Salita at sa iyong kalooban sa aming buhay. Panginoon ipinangako namin ang aming sarili na turuan at babalaan ang mga kapatid at ang mga taong inaabot namin, ang aming pamilya, ang aming mga anak, ang aming mga alagad tungkol sa pangalawang pagparito at sa kahalagahan ng pagtanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon ipinagdarasal namin na mas marami sa aming mga disipulo at mga bata ang mabinyagan sa tubig at makatanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon hinihiling namin sa iyo na punuin muli kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na kaloob na kailangan namin upang matupad ang iyong layunin sa buhay ng iyong simbahan at ng iyong bayan, upang gawin ang mga gawaing inihanda mo para sa amin na gawin at maging handa sa iyong pagparito. Panginoon, patnubayan kami na yumaon at mag evangelio, at gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang bagong mga manggagawa na yumaon at magtanim ng maraming pag aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang papanaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mapuspos ng Banal na Espiritu Yugto 01. Si Jesus ay Magbabalik. Mateo 25:1-13. I Tesalonica 4:13-18. Pahayag 19:6-9. Mateo 5:16. Efeso 2:10. Mga Roma 12:11. Mateo 24:36, 42-44. Mateo 7:21-23. Deuteronomio 22:13-21. Santiago 4:4-5, 17. 1 Tesalonica 5:1-11, 19. 2 Pedro 3:3-4, 10-13. Efeso 5:18-20. Lucas 11:13. Roma 8:26-27. Mga Gawa 5:32.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com